



Mga Itatanong Tungkol sa Iyong Cancer

Kung ipinaalam sa iyong may cancer ka, maaaring mayroon kang maraming katanungan. Ang iyong doktor o cancer care team ay ang pinakamainam na lugar para magsimulang itanong ang mga ito.

Narito ang ilan sa mga maaari mong itanong na makakatulong sa iyong maunawaan nang mas mabuti ang iyong cancer, paggamot, at mga side effect. Malamang na mayroon ka ring iba pang mga katanungan.

Kapag ipinaalam sa iyong mayroon kang cancer

- Sa tingin mo, anong uri ng cancer ang mayroon ako?
- Bakit sa tingin mo ay mayroon akong cancer?
- Saan sa tingin mo nagsimula ang cancer sa aking katawan? Kumalat na ba ito sa iba pang mga bahagi ng katawan?
- Alam ba ninyo ang stage ng cancer? Ano ang ibig sabihin ng stage na iyon para sa akin?
- Kailangan ko ba ng iba pang mga pagsusuri?
- Sino ang magsasagawa ng mga pagsusuring ito? Kailan at saan gagawin ang mga ito? Sino ang makapagpapaliwanag ng mga ito sa akin?
- Paano at kailan ko makukuha ang mga resulta? Sino ang magpapaliwanag ng mga ito sa akin?
- Ano ang aking mga tsansa na makaligtas sa cancer?
- Maaari bang magsagawa ng biomarker o molecular na pagsusuri sa uri ng aking cancer?
- Dapat ko bang pag-isipan ang tungkol sa genetic counseling at pagsusuri para sa aking sarili o sa aking pamilya?

Pagpapasya sa plano ng paggamot

- Ano ang aking mga mapagpipilian sa paggamot? Saan ko pa maaaring matutunan pa ang tungkol sa mga opsyon na ito?
- Anong paggamot ang iminumungkahi ninyo? Bakit?
- Ano ang layunin ng paggamot na ito? Sa tingin ba ninyo ay magagamot nito ang cancer?
- Anu-ano ang mga panganib ng paggamot na ito?
- Gaano kaaga ko kakailanganing masimulan ang paggamot?
- Ano ang mangyayari kung nagpasya akong hindi magpagamot sa ngayon?

Insurance at mga alalahanin sa pera

magsasagawng aking mga paggamot?

Makapasok ba ako sa trabaho o paaralan, makapaggugol ng panahon kasama ang aking pamilya, o magagawa ang aking mga pang-araw-araw na aktibidad sa panahon ng paggamot?

Ano ang maaari kong gawin upang makapaghandá para sa paggamot?

Maaari ba akong magmaneho upang pumunta sa paggamot, o kailangan ko bang magpahatid? Paano kung wala akong mahanap na masasakyan patungo sa paggamot?

Mayroon ba akong magagawa upang makatulong na mas mapagana ang paggamot?

sa mga paggamot na ito?

Kakailanganin ko bang gumawa ng anumang mga partikular na pag-iingat habang nagpapagamot ako?

Maaari ba kayong magmungkahi ng propesyonal na kalusugan ng pag-iisip na maaari akong magpatingin kung nagsisimula akong makaramdam ng pagkabalisa, depresyon, o pagkabagabag?

Mangangailangan ba ako ng tulong sa bahay? Kung gayon, sino ang makakatulong sa akin na malaman kung paano kumuha ng tulong na kakailanganin ko?

Ano ang gagawin namin kung hindi gumagana ang paggamot?

Kung nagkakaroon ka ng mga sintomas o side effect mula sa iyong cancer o paggamot

Gaano katagal malamang na tumagal ang aking mga kide

Sa panahon ng paggamot

Kailan ang pinakamabuting oras para tumawag kung mayroon akong tanong o problema? Gaano kabilis ko maaasahan na matawagan pabalik?

Ano ang dapat kong gawin kung mayroon akong malubhang problema kapag sarado ang inyong tanggapan?

Mangangailangan ba ako ng mga espesyal na pagsusuri, tulad ng mga imaging scan o pagsusuri ng dugo, at kung gayon, gaano kadalás?

Kailangan ko bang baguhin ang kinakain ko sa panahon ng paggamot?

Makakapag-ehersisyo ba ako sa panahon ng paggamot? Anong uri ng ehersisyo ang maaari kong gawin, at gaano kadalás?

Paano naman ang mga bitamina o dyeta na sinasabi sa akin ng mga kaibigan ko? Paano ko malalaman kung ligtas ang mga ito?

Paano namin malalaman na gumagana ang paggamot?